# The Miracle

## Ang Himala ng Pagkakatawang-Tao

**WEEK 3**

### WARM-UP

- Ano ang pinakagusto mo tungkol sa Pasko? Bakit?
- Paano mo ilalarawan sa isang tao ang taong hinahangaan o kinatutuwaan mo? Ano tungkol sa taong ito ang pinakakapansin-pansin para sa iyo?
- Paano mo ilalarawan ang kapayapaan? Bakit ito ang naiisip mo?

### WORD

*11"Sapagkat isinilang ngayon sa Betlehem, sa bayan*
*ni Haring David, ang inyong Tagapagligtas, ang Cristo*
*na siyang Panginoon. 12Ito ang palatandaan upang*
*makilala ninyo siya: makikita ninyo ang sanggol na*
*nababalot ng lampin at nakahiga sa isang sabsaban."*
*13Pagkatapos magsalita ng anghel, biglang nagpakita*
*ang napakaraming anghel at sama-sama silang nagpuri*
*sa Diyos. Sinabi nila, 14"Purihin ang Diyos sa langit! May*
*kapayapaan na sa lupa, sa mga taong kinalulugdan niya!"*

**LUCAS 2:11–14**

Ipinangako ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan na magpapadala Siya ng isang Tagapagligtas na Hari na magpapanumbalik ng katarungan at katuwiran. Totoong tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako, pero higit pa dito ang ginawa Niya. Ibinigay Niya ang Kanyang anak na si Jesus, upang mahimalang maging tao at mamuhay kasama ang sangkatauhan. Maaaring magtaka ang ilan kung bakit pinili ni Jesus na maging tao. Maaari naman Siyang manatiling banal at tubusin ang Kanyang mga mamamayan sa simula pa lamang. Pero higit pa rito ang plano ng Diyos. Ngayong araw, tingnan natin kung bakit pinili ng Diyos na ipakilala ang sarili Niya bilang isang tao at kung ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa kung sino Siya.

## 1 Si Jesus ay naging tao upang ipahayag ang kadakilaan ng Diyos.

*“**Purihin ang Diyos sa langit**! May kapayapaan na sa lupa, sa mga taong kinalulugdan niya!”* **LUCAS 2:14**

*Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. **Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama**. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya.* **JUAN 1:14**

Ikinuwento ng Bibliya ang iba’t ibang kwento na nagpapakita ng Kanyang karangalan sa mga tao. Minsan, ipinapakilala Niya ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng kalikasan. Minsan, nagpapadala Siya ng mga anghel. Pero ang kapanganakan ni Jesus ay ang pinakadakilang pagpapahayag ng Diyos ng Kanyang kadakilaan. Si Jesus ang liwanag ng kadakilaan ng Diyos. Dahil ang sangkatauhan ay may kapintasan at nahulog sa kasalanan, sinadya ng Diyos ang paggamit sa isang tao bilang isang sisidlang magpapahayag kung sino siya. Noong panahon Niya, nasulyapan ng mga nakapalibot kay Jesus kung ano ang larawan ng Diyos. Ang himalang ito ay nagpapatuloy para sa atin sa kasalukuyan. Makikilala natin kung sino ang Diyos at ang likas Niyang katangian sa pamamagitan ni Jesus. Ano ang natutunan mo tungkol sa karangalan ng Diyos sa pamamagitan ng pamumuhay mo nang kasama si Jesus?

## 2 Si Jesus ay naging tao upang maipakita ang pabor ng Diyos.

*“Purihin ang Diyos sa langit! May kapayapaan na sa lupa, **sa mga taong kinalulugdan niya**!”* **LUCAS 2:14**

*Nagkatawang-tao ang Salita at **namuhay na kasama natin**. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya.* **JUAN 1:14**

Dahil sa kasalanan, may malaking agwat sa pagitan ng tao at ng Diyos. Parang magkukulang tayo at hindi natin maaabot ang pamantayan at karangalan ng Diyos magpakailanman.

Pero dahil mahal tayo ng Diyos, pinadala Niya ang Kanyang anak upang maging tao upang makatanggap tayo ng pabor mula sa kanya. Bilang isang tao, nadarama rin ni Jesus ang ating kahinaan (Mga Hebreo 4:15). Naramdaman Niya ang ating mga hinanakit at nagdusa Siya gaya natin. Pero ipinakita Niya kung gaano kabuti ang Diyos at lumapit Siya sa atin kahit pa tayo'y mga makasalanan. Siya ang ating naging Punong Pari upang tayo ay mapatawad sa ating mga kasalanan at Siya ang nagsilbing tulay upang maibalik tayo sa tamang ugnayan sa Diyos. Ang kapatawaran Niya ang pangunahing tanda ng pabor ng Diyos. Paano ipinakita ni Jesus ang Kanyang pabor sa buhay mo?

## 3 Si Jesus ay naging tao para ibigay sa atin ang kapayapaan ng Diyos.

*"Purihin ang Diyos sa langit! **May kapayapaan na sa lupa**, sa mga taong kinalulugdan niya!"* **LUCAS 2:14**

Kadalasan, naiuugnay natin ang kapayapaan sa katahimikan at katiwasayan. Ngunit higit pa dito ang kapayapaang ibinibigay ng Diyos. Ang pagiging tao ni Jesus ang paraan ng Diyos upang maibigay ang kabuuan at kagalingan sa sangkatauhan. Sa katunayan, ang salitang *shalom*, ang salitang Hebreo para sa kapayapaan, ay nangangahulugan ng kabuuan. Kay Jesus, walang nawawala o nasirang bahagi. Ang kapayapaang mula sa Kanya ay nagdadala ng kapayapaan at pagpapanumbalik. Hindi lamang tayo nagkakaroon ng kapayapaan sa ating kalooban, kundi naibalik din ang kapayapaan sa ugnayan natin sa Diyos. Dahil sa sakripisyo ni Jesus sa krus, tayong mga nagtitiwala sa Kanya ay nakatanggap ng kapatawaran sa ating mga kasalanan, at kumikilos din Siya sa atin upang maipanumbalik ang anumang nasira dahil sa kasalanan. Hindi natin kailangang hintayin na makarating sa langit dahil ngayon pa lamang ay kumikilos na sa atin ang Diyos para magdala ng pagpapanumbalik sa ating buhay. Paano mo naranasan ang kapayapaan ng Diyos sa buhay mo?

## APPLICATION

- May mga bahagi ba ng buhay mo na nangangailangan ng kapayapaan at pabor ng Diyos? Gusto mo bang magtiwala sa perpektong kapayapaan at kapatawarang tanging si Jesus lamang ang makapagbibigay?
- Si Jesus ay naging tao. Paano nito maaapektuhan ang pananaw mo tungkol sa iyong pagkatao? Naniniwala ka bang magagamit ka ng Diyos para sa Kanyang kapurihan sa kabila ng iyong mga kahinaan? Sa paanong paraan ka Niya tinatawag para gawin ito?
- Ipinakilala ng pagkatao at pagka-Diyos ni Jesus sa mga tao kung sino ang Diyos. Sa ilalim ng mensahe ngayong araw, paano mo maipapakita ang Diyos sa mga tao sa paligid mo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para kay Jesus, ang ating pinakadakilang himala, upang maranasan natin ang Kanyang kadakilaan, pabor, at kapayapaan. Pasalamatan ang Diyos sa pananahan kasama natin at pagpapanumbalik ng ugnayan natin sa Kanya.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng kapayapaan at kabuuan sa anumang bahagi ng buhay mo na tila may lamat. Hilingin sa Diyos na nawa ay humilom at manumbalik ang ugnayan mo sa mga tao sa iyong paligid.
- Ipanalangin na ngayong Kapaskuhan, bigyan ka ng Diyos ng kakayahang maipangaral at maipakilala Siya sa iba. Ipanalangin na ikaw ay maging buhay na patotoo ng kabutihan at biyaya ng Diyos.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ian Susi, Josh Hernandez, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.